

ANG INYONG PAGKILALA SA

Pr **ZIRABEV[®]**
(bevacizumab)



 Pr **Zirabev[®]**
bevacizumab

 **Pfizer**

Pagsisimula sa aking paggamot gamit ang ZIRABEV

Maaaring maging hamon ang pag-alam tungkol sa bagong paggamot. Ang brochure na ito ay ginawa upang sagutin ang ilan sa mga tanong na maaaring mayroon kayo at tulungan kayong mas maunawaan kung ano ang ZIRABEV at kung paano ito gumagana.

Tiyaking basahin ang brochure na ito upang malaman ang tungkol sa ZIRABEV, at tandaang itabi ito upang matulungan kayong mas maunawaan ang paggamot. Gayundin, maging tapat sa inyong sarili at sa inyong pangkat sa pangangalagang pangkalusugan kung kumusta kayo, at makipag-usap sa kanila kung mayroon kayong anumang tanong o alalahanin tungkol sa inyong plano sa paggamot.

Para saan ginagamit ang ZIRABEV?

Ang ZIRABEV ay isang opsyon sa paggamot para sa mga pasyenteng may 1 sa mga sumusunod:



- **Metastatic colorectal cancer:** Ang ZIRABEV ay ginagamit kasama ng isang partikular na uri ng chemotherapy (intravenous 5-fluorouracil [5-FU]-based chemotherapy) para sa paggamot ng mga taong na-diagnose na may metastatic colorectal cancer sa unang pagkakataon. Ang metastatic colorectal cancer ay kanser sa colon o rectum na kumalat na sa iba pang organ sa katawan.



- **Metastatic lung cancer:** Ang ZIRABEV ay ginagamit kasama ng isang partikular na uri ng chemotherapy (carboplatin at paclitaxel) para sa paggamot ng mga taong na-diagnose na may metastatic non-small cell lung cancer. Ang metastatic non-small cell lung cancer ay kanser sa mga baga na kumalat na sa iba pang organ sa katawan.



- **Recurrent platinum-sensitive ovarian cancer:** Ang ZIRABEV ay ginagamit kasama ng isang partikular na uri ng chemotherapy (carboplatin at gemcitabine) para sa paggamot ng mga taong na-diagnose na may recurrent, platinum-sensitive, epithelial ovarian, fallopian tube o primary peritoneal cancer na bumalik nang hindi bababa sa 6 na buwan pagkatapos ng huling pagkakataon na tumugon ang pasyente sa isang regimen ng chemotherapy na naglalaman ng platinum agent. Ang epithelial ovarian cancer ay kanser na nabubuo sa ibabaw ng ovary. Ang fallopian tube cancer ay kanser na nabubuo sa mga fallopian tube, ang maliliit na duct na nag-uugnay ng mga obaryo sa matris. Ang primary peritoneal cancer ay kanser sa tissue na nakapalibot sa abdominal wall at sumasakop sa mga organ sa katawan.

- **Recurrent platinum-resistant ovarian cancer:** Ang ZIRABEV ay ginagamit kasama ng isang partikular na uri ng chemotherapy (paclitaxel, topotecan o pegylated liposomal doxorubicin) para sa paggamot ng mga taong na-diagnose na may recurrent, platinum-resistant, epithelial ovarian, fallopian tube o primary peritoneal cancer na nakatanggap ng hindi hihigit sa dalawang naunang regimen ng chemotherapy. Ang recurrent platinum-resistant ovarian cancer ay ang uri ng kanser na lumulubha sa loob ng 6 na buwan pagkatapos ng huling pagkakataon na tumugon ang pasyente sa isang regimen ng chemotherapy na naglalaman ng platinum agent.




- **Recurrent glioblastoma:** Ang ZIRABEV ay ginagamit kasama ng lomustine (isang partikular na uri ng chemotherapy) para sa paggamot ng mga pasyenteng may partikular na uri ng kanser sa utak na tinatawag na glioblastoma kung saan bumalik ang kanser pagkatapos ng nakaraang paggamot.

Paano gumagana ang ZIRABEV?

Ang ZIRABEV ay hindi chemotherapy. Ang ZIRABEV ay isang monoclonal antibody na ibinibigay kasama ng isang partikular na uri ng chemotherapy. Habang direktang inaatake ng chemotherapy ang tumor, inaatake ng ZIRABEV ang mga ugat na nakapaligid sa tumor.

Ang
Chemotherapy
ay direktang umaatake
sa tumor



Upang lumaki at kumalat, nangangailangan ang mga tumor ng tuloy-tuloy na supply ng oxygen at iba pang nutrisyon. Nakukuha ng mga tumor ang supply na ito sa pamamagitan ng paggawa ng sarili nitong network ng mga ugat. Ang prosesong ito ay tinatawag na angiogenesis (an'-jee-o-jen'-i-sis). Gumagana ang ZIRABEV sa pamamagitan ng pagharang sa angiogenesis. Sa pamamagitan ng pagpigil sa pagtubo ng mga bagong ugat, tumutulong ang ZIRABEV na mawalan ng oxygen at iba pang nutrisyon ang tumor. Pinapahirap nito ang paglaki ng tumor.

Anong mga anyo ng pagdodosis ang available para sa ZIRABEV?

Ang ZIRABEV ay available bilang solution para sa infusion sa mga vial na pang-isahang gamit sa mga presentation na nakalista sa ibaba:

- 100 mg/4 mL (25 mg/mL)
- 400 mg/16 mL (25 mg/mL)

Ang vial stopper ay hindi ginawa gamit ang natural na gomang latex.

Paano ko matatanggap ang ZIRABEV?

Ang ZIRABEV ay ibinibigay sa pamamagitan ng infusion sa ugat (sa pamamagitan ng karayom na ilalagay sa isang ugat sa braso o kamay, o sa pamamagitan ng gitnang linya).



Gaano kadalas akong makakatanggap ng ZIRABEV?

Depende sa inyong partikular na uri ng kanser, maaari kayong makatanggap ng ZIRABEV kada 2 hanggang 3 linggo nang mayroon o walang karagdagang paggamot.

Metastatic colorectal cancer: ang karaniwang dosis ay batay sa inyong bigat sa kg (5 mg/kg) at ibinibigay kada 14 na araw hangga't inirerekomenda ng inyong doktor ang therapy.

Metastatic lung cancer: ang karaniwang dosis ay batay sa inyong bigat sa kg (15 mg/kg) at sa partikular na uri ng chemotherapy na ibinibigay kasama ng ZIRABEV. Ang ZIRABEV ay ibinibigay nang isang beses kada 3 linggo hangga't inirerekomenda ng inyong doktor ang therapy.

Kanser sa ovary (platinum-sensitive na paulit-ulit na sakit): ang karaniwang dosis ng ZIRABEV ay batay sa inyong bigat sa kg (15 mg/kg). Ang ZIRABEV ay ibinibigay nang isang beses kada 3 linggo hangga't inirerekomenda ng inyong doktor ang therapy.

Kanser sa obaryo (platinum-resistant na paulit-ulit na sakit): ang karaniwang dosis ay batay sa inyong bigat sa kg (10 mg/kg o 15 mg/kg) at ibinibigay nang isang beses kada 2 o 3 linggo hangga't inirerekomenda ng inyong doktor ang therapy (magreretse ang inyong doktor ng dosis at iskedyl ng ZIRABEV na angkop para sa inyo, batay sa kung anong uri ng chemotherapy ang tinatanggap ninyo).

Paulit-ulit na glioblastoma: ang karaniwang dosis ay batay sa inyong bigat sa kg (10 mg/kg) at ibinibigay nang isang beses kada 2 linggo, kasama ng lomustine kada 6 na linggo, hangga't inirerekomenda ng inyong doktor ang therapy. Ang dosis ng lomustine sa unang paggamot ay 90 mg kada square metre ng surface area ng inyong katawan (mg/m^2), hanggang sa maximum na dosis na 160 mg. Maaari itong tumaas sa 110 mg/m^2 , hanggang sa maximum na 200 mg, mula sa pangalawang paggamot at patuloy. Ang mas mataas na dosis ng lomustine pagkatapos ng unang paggamot ay tutukuyin ng inyong doktor batay sa inyong pagsusuri sa dugo.

Sa unang pagkakataon na ibibigay ang ZIRABEV, tatagal ang infusion nang humigit-kumulang 90 minuto.

Kapag natiyak na ng inyong doktor na wala kayong problema sa mga infusion ng ZIRABEV (ibig sabihin, pagkatapos ng una o pangalawang infusion), ang mga susunod na infusion pagkatapos nito ay maaaring mangailangan ng mas kaunting oras, na karaniwang humigit-kumulang 30 o 60 minuto.



UNA AT, POSIBLENG,
PANGALAWANG INFUSION



MGA SUSUNOD NA
INFUSION



MGA SUSUNOD NA
INFUSION

Mahalagang impormasyon sa kaligtasan

Ano ang dapat kong malaman bago ako gumamit ng ZIRABEV?

Huwag gumamit ng ZIRABEV kung kayo ay:

- may allergy dito o sa alinman sa mga sangkap nito
- may kanser na kumalat na sa inyong central nervous system (sa inyong utak o spine)
- sumailalim sa operasyon sa loob ng nakalipas na 28 araw



Upang makatulong na maiwasan ang mga side effect at matiyak ang wastong paggamit, makipag-usap sa inyong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan bago kayo gumamit ng ZIRABEV

Talakayin ang anumang kundisyon o problema sa kalusugan na maaaring mayroon kayo, kabilang kung kayo ay:

- may mataas na presyon ng dugo
- may planong sumailalim sa operasyon o sumailalim na sa operasyon sa nakalipas na 28 araw
- nagkaroon na ng atake sa puso o stroke
- buntis o nagpaplanong magbuntis
- nagpapasuso
- may anumang allergy sa gamot na ito o sa mga sangkap nito
- may anumang karamdaman o sakit na nakakaapekto sa inyong mga bato
- may pagpalya ng puso o panghihina ng mga kalamnan sa puso
- umubo na ng dugo o nakakita ng abnormal na pagdurugo ng ari ng babae
- may diyabetis

Ano ang mga posibleng side effect ng ZIRABEV?

Ang mga ito ay hindi lahat ng posibleng side effect na maaari ninyong maramdaman kapag umiinom ng ZIRABEV. Kung makaranas kayo ng anumang side effect na hindi nakalista dito, makipag-ugnayan sa inyong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan.

Tulad ng lahat ng gamot, maaaring magdulot ang ZIRABEV ng ilang hindi gustong side effect. Ang mga sumusunod na side effect ay nakita sa mga klinikal na pagsubok nang ibigay sa mga pasyente ang ZIRABEV kasama ng chemotherapy o ZIRABEV lang:

Napakakaraniwan (mas marami sa 1 sa 10 pasyente):

- Mataas na presyon ng dugo
- Pagtatae o pagsusuka
- Pananakit ng tiyan
- Pagtitibi
- Pagduruwal
- Kawalan ng enerhiya o lakas
- Pagkawala ng gana
- Pananakit (kabilang ang pananakit ng kasukasan)
- Pagdurugo (mula sa ilong o rectum)
- Mga singaw sa bibig
- Pangangapos ng hininga
- Tumutulong sipon
- Panunuyo at pagbabalat ng balat o mga pagbabago sa kulay ng balat
- Mga pagbabago sa panlasa
- Mga problema sa mata (halimbawa, labis na pagluha, o kawalan ng ginhawa o pananakit sa mga mata dahil sa pagkakalantad sa liwanag)
- Pagbaba ng ilang partikular na white blood cell sa dugo na tumutulong na labanan ang impeksyon
- Pagbaba sa bilang ng mga red blood cell (anemia)
- Kahirapan sa pagtulog
- Lagnat, mga panginiging, o labis na pagpapawis
- Pananakit ng ulo
- Abnormal na pagsusuri sa ihi (protina sa ihi)
- Panginiging o pamamanhid sa mga daliri sa paa at sa kamay
- Bronchitis (pamamaga ng mga pangunahing daanan ng hangin sa mga baga)
- Pagpapasa
- Pagbabago ng mood
- Mga impeksyon (bibig, lalamunan, sinus, mga baga, o impeksyon sa ihi)
- Labis na asukal sa dugo
- Pagbabawas ng timbang
- Paglawak ng mga ugat
- Mabababang antas ng sodium at magnesium sa dugo
- Pag-ubo
- Pagkapagod

Mahalagang impormasyon sa kaligtasan

Ano ang mga posibleng side effect ng ZIRABEV? (ipinagpatuloy)

Karaniwan (mas kaunti sa 1 sa 10 pasyente ngunit mas marami sa 1 sa 100 pasyente):

- Pananakit (kabilang ang pananakit ng kalamnan, pananakit ng dibdib, pananakit ng puso [angina], pananakit ng likod, at pananakit ng pelvis at sa bahaging puwit)
- Stroke/atake sa puso
- Mga pamumuo ng dugo
- Pagbubutas ng bituka (butas sa tiyan o bituka)
- Pagbabago ng boses, gaya ng pamamaos
- Pamamaga o pamamanhid ng mga kamay at paa
- Impeksyon sa ihi (pantog o bato)
- Mga impeksyon sa balat o mas malalalim na layer sa ilalim ng balat
- Fistula (abnormal na koneksyon na parang tubo sa pagitan ng mga panloob na bahagi ng katawan na hindi karaniwang konektado), gaya ng pagitan ng tiyan at mga bituka (gastrointestinal fistula), sa mga pasyenteng may metastatic colorectal cancer at paulit-ulit na kanser sa obaryo, at pagitan ng ari ng babae at bituka sa mga pasyenteng may kanser sa cervix (hindi awtorisadong paggamit)
- Mga reaksiyon sa allergy
- Nephrotic syndrome (isang uri ng sakit sa bato)

Hindi karaniwan (mas kaunti sa 1 sa 100 pasyente ngunit mas marami sa 1 sa 1000 pasyente):

- Mga non-gastrointestinal perforation at fistulae (mga abnormal na butas o tubo sa mga bahagi ng katawan maliban sa gastrointestinal tract)
- Posterior reversible encephalopathy syndrome (PRES), isang karamdamang binubuo ng pananakit ng ulo, pagkalito, mga seizure, at pagkawala ng paningin

Bihira (mas kaunti sa 1 sa 1000 pasyente ngunit mas marami sa 1 sa 10,000 pasyente):

- Tracheoesophageal fistula (abnormal na koneksyon na parang tubo sa pagitan ng mga panloob na bahagi ng katawan na karaniwang hindi konektado), na nasa pagitan ng trachea (o windpipe) at esophagus (tubong nagkokonekta ng bibig sa tiyan)
- Matinding pamamagang dulot ng bacteria sa balat at malambot na tissue (necrotizing fasciitis)
- Pagdurugo (sa utak)

Hindi alam ang dalas:

- Mga ulcer sa tiyan at bituka
- Pagkasira ng panga na dulot ng mahinang supply ng dugo sa panga
- Pagbubutas ng apdo (butas sa digestive organ na nag-iimbak ng apdo)

Kung tataas ang inyong presyon ng dugo habang gumagamit kayo ng ZIRABEV, mahalagang makipag-ugnayan sa inyong doktor.

Ang mga pagbabago sa mga pagsusuri sa inyong dugo at ihi na isinagawa ng inyong doktor ay maaaring mangyari habang tumatanggap kayo ng ZIRABEV. Maaaring kasama sa mga pagbabagong ito ang mas mababang bilang ng white cell at protina sa ihi. Tatalakayin sa inyo ng inyong doktor ang mga resultang ito.

Ang mga nakatatandang pasyente (65 taong gulang o mas matanda) ay may mas mataas na panganib na magkaroon ng mga sumusunod na side effect: mga pamumuo ng dugo (na maaaring humantong sa stroke o atake sa puso), pagbaba sa ilang partikular na white blood cell at platelet, protina sa ihi, pagtatae, at pagkapagod.

Ihinto kaagad ang paggamit ng ZIRABEV at humingi ng medikal na tulong kung makaranas kayo ng alinman sa mga sumusunod na matinding side effect.

Napakakaraniwan (mas marami sa 1 sa 10 pasyente):

- Pagdurugo mula sa ilong na tumatagal nang mahigit 10–15 minuto at hindi mapipigilan

Karaniwan (mas kaunti sa 1 sa 10 pasyente ngunit mas marami sa 1 sa 100 pasyente):

- Pagbubutas ng bituka (pagtagas sa bituka); kasama sa mga sintomas ang biglaang pagsisimula ng pananakit ng tiyan, at paninigas ng tiyan na may pagsusuka at mataas na lagnat
- Stroke o atake sa puso; kasama sa mga sintomas ng stroke ang biglaang pagkawala ng pagsasalita o pamamanhid ng bahagi o buong katawan, pagkawala ng paningin o panlalabo ng paningin, hindi maipaliwanag na pagkahilo at/o mga biglaang pagkatumba; kasama sa mga sintomas ng atake sa puso ang pananakit ng dibdib na kumakalat sa kaliwang braso, panga, at/o likod, at pangangapos ng hininga
- Fistula, na isang abnormal na koneksyon na parang tubo sa pagitan ng mga internal organ at balat o iba pang tissue na hindi karaniwang konektado, kabilang ang mga koneksyon sa pagitan ng ari ng babae at bituka sa mga pasyenteng may kanser sa cervix (hindi awtorisadong paggamit)

Hindi karaniwan (mas kaunti sa 1 sa 100 pasyente ngunit mas marami sa 1 sa 1000 pasyente):

- Mga non-gastrointestinal perforation at fistulae; depende sa mga organ na sangkot, ang mga sintomas ay maaaring ang mga sumusunod: pagtagas ng ihi, abnormal at masamang amoy sa bahagi ng ari, pananakit ng tiyan, pagsusuka, lagnat, unti-unting pagtaas/paglala ng pangangapos ng hininga (dyspnoea), pag-ubo, pananakit ng dibdib, madilaw na pag-iiba ng kulay ng balat, atbp.
- Posterior reversible encephalopathy syndrome (PRES); kasama sa mga sintomas ang pananakit ng ulo, pagkalito, mga seizure, at pagkawala ng paningin

Kung mayroon kayong nakakabagabag na sintomas o side effect na hindi nakalista dito o naging malala na upang makagambala sa inyong mga pang-araw-araw na aktibidad, makipag-usap sa inyong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan.

Mahalagang impormasyon sa kaligtasan

Mga seryosong babala at pag-iingat

Tiyaking makipag-ugnayan sa inyong pangkat sa pangangalagang pangkalusugan kung may anumang palatandaan ng mga side effect na ito:



MGA KARAMDAMAN SA MATA

Ang ZIRABEV ay hindi binuo upang iturok sa mata at dapat itong gamitin ayon sa awtorisado. Ang mga side effect na nakakaapekto sa mata at sa katawan sa kabuuan ay nakita sa ilang pasyenteng tinurukan ng bevacizumab sa isa o parehong mata nila.



MGA GASTROINTESTINAL PERFORATION

Ang paggamot gamit ang ZIRABEV ay maaaring magdulot ng gastrointestinal perforation (butas sa tiyak o bituka), na maaaring nakakamatay. Dapat ihinto ang paggamot gamit ang ZIRABEV kung managyangari ito. Maaaring mangyari ang gastrointestinal perforation anumang oras sa panahon ng paggamot. Kasama sa mga sintomas ang pananakit ng tiyan, pagtitibi, at pagsusuka.



MGA KUMPLIKASYON SA PAGGALING NG SUGAT

Ang paggamot gamit ang ZIRABEV ay maaaring magdulot ng pagbuka ng sugat (pagbubukas at hindi paggaling ng mga sugat), na maaaring nakakamatay. Ang paggamot gamit ang ZIRABEV ay dapat ihinto kung mangyari ito at sa loob ng isang buwan matapos sumailalim sa operasyon o hanggang sa ganap na gumaling ang sugat. Ang ZIRABEV ay dapat ihinto nang hindi bababa sa 28 araw bago ang elective surgery.



HEMORRHAGE (PAGDURUGO)

Ang paggamot gamit ang ZIRABEV ay maaaring magresulta sa matindi o nakakamatay na pagdurugo, kabilang ang pag-ubo ng dugo, pagdurugo sa tiyan, pagsusuka ng dugo, pagdurugo sa utak, mga pagdurugo ng ilong, at pagdurugo ng ari ng babae. Naganap ang mga pangyayaring ito nang hanggang 5 beses na mas madalas sa mga taong nakatanggap ng bevacizumab kumpara sa mga pasyenteng nakatanggap lang ng chemotherapy. Hindi dapat tumanggap ng ZIRABEV ang mga taong kamakailang umubo ng dugo (higit pa sa o katumbas ng kalahating kutsarita ng red blood) o mayroong matinding pagdurugo. Ang paggamot gamit ang ZIRABEV ay dapat tuluyang ihinto kung may mangyaring matinding pagdurugo (ibig sabihin, nangangailangan ng medikal na atensyon).



Paghahanda para sa aking susunod na appointment

Mahalagang magtanong at ipaalam sa inyong pangkat sa pangangalagang pangkalusugan kung mayroon kayong anumang alalahanin tungkol sa inyong paggamot. Gamitin ang espasyo sa ibaba upang isulat ang anumang gusto ninyong talakayin sa inyong pangkat sa alinman sa ilang susunod na pagpapatingin ninyo.

1.

2.

3.

4.

5.

6.

7.

8.

9.

10.

Impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng aking pangkat sa pangangalagang pangkalusugan

Pangalan: _____ Numero ng Telepono: _____

Pangalan: _____ Numero ng Telepono: _____

Pangalan: _____ Numero ng Telepono: _____

Pangalan: _____ Numero ng Telepono: _____

Pangalan: _____ Numero ng Telepono: _____

Pangalan: _____ Numero ng Telepono: _____



Maaaring makatulong ang suporta

Maaaring makatulong ang suporta na i-navigate ang inyong karanasan sa paggamot. Kung gusto ninyong sumali sa isang grupo ng suporta, magtanong sa inyong pangkat sa pangangalagang pangkalusugan kung mayroong ganito sa inyong lugar.

Mga karagdagang resource

Canadian Cancer Society

Ang Canadian Cancer Society (CCS) ay isang pambansa at nakabatay sa komunidad na organisasyong nagbibigay ng impormasyon at mga serbisyo ng suporta sa mga pasyente at pamilya na naapektuhan ng kanser.

Ang online na komunidad ng CCS – Cancerconnection.ca – ay isang lugar kung saan ang mga pasyente at pamilya na naapektuhan ng kanser ay maaaring magbahagi ng kanilang mga karanasan at bumuo ng mga sumusuportang ugnayan. Nasaan man kayo, maaari kayong kumonekta sa iba online at alam ninyong hindi kayo nag-iisa.

Bumisita sa www.cancerconnection.ca o www.cancer.ca, o tumawag sa 1-888-939-3333.

Colorectal Cancer Association of Canada

Ang Colorectal Cancer Association of Canada ay isang pambansa at non-profit na organisasyong may tatlong mandato: kaalaman, suporta, at adbokasiya.

Bumisita sa www.colorectalcancercanada.com o tumawag sa 1-877-502-6566.

Lung Cancer Canada

Ang Lung Cancer Canada ay isang pambansang mapagkawangawang organisasyon at nangunguna sa mga resource para sa kaalaman tungkol sa kanser sa baga, suporta sa pasyente, pananaliksik, at adbokasiya.

Bumisita sa www.lungcancercanada.ca o tumawag sa 1-888-445-4403.

Ovarian Cancer Canada

Ang Ovarian Cancer Canada ay isang organisasyon sa Canada na nagbibigay ng pamumuno sa pananaliksik, adbokasiya, at suporta para sa kababaihang may kanser sa obaryo.

Bumisita sa www.ovariancanada.org o tumawag sa 1-877-413-7970.

Ang mga iminumungkahing resource sa pahinang ito ay hindi nangangahulugang pag-eendorso o kaugnayan sa mga third-party na organisasyon at ibinibigay ang mga ito para lang sa mga layunin ng impormasyon. Walang responsibilidad ang Pfizer sa content ng mga site na hindi Pfizer.

Brain Tumours Foundation of Canada

Ang Brain Tumours Foundation of Canada ay isang dedikadong pangkat ng mga boluntaryo, pasyente, survivor, miyembro ng pamilya, propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, at tauhan na determinadong tumulong sa mga pasyenteng may kanser sa utak sa kanilang mga paglalakbay.

Bumisita sa www.braintumour.ca o tumawag sa 1-800-265-5106.





Pfizer Liaison

Programa ng Suporta sa Pasyente

Ikinokonekta kayo sa mga resource na sumusuporta sa inyong paggamot at umaakma sa pangangalagang ibinibigay ng inyong pangkat sa pangangalagang pangkalusugan

- Pag-navigate at pagtatasa sa pag-reimburse
- Koordinasyon ng mga benepisyo sa insurance
- Tulong pinansyal*
- Impormasyon sa paggamot

Upang magpatala sa Pfizer Liaison, makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng telepono, 1-844-533-0150, o email, pfizerliaison@rxinfinity.ca



* Hindi magagarantiya ang tulong pinansyal

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa ZIRABEV, mangyaring tingnan ang leaflet ng impormasyon ng pasyente sa <https://www.pfizer.ca/pi/en/zirabev.pdf>.



Para sa higit pang impormasyon, mangyaring sumangguni sa mypfizer.ca

Ang ZIRABEV® ay isang rehistradong trademark ng Pfizer Inc. na ginagamit sa ilalim ng lisensya.
Ang Avastin® ay isang rehistradong trademark ng Hoffman-La Roche Limited.
© 2022 Pfizer Canada ULC. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

PP-ZIR-CAN-0020-TL

